

# EARTHQUAKE WARNING CALIFORNIA: MGA HAKBANG PARA MAGHANDA



HUWAG HAYAAN KAYONG  
MAGULAT SA MGA PAG-LINDOL  
I-DOWNLOAD ANG LIBRENT MYSHAKE  
APP NGAYON



DON'T GET  
CAUGHT OFF  
GUARD

## 1. Earthquake Warning California

Hindi pa rin mahulaan ng mga siyentipiko ang mga lindol, pero salamat sa bagong teknolohiya, mga indibidwal at organisasyon na pwedeng potensyal na tumanggap sa ilang segundo ng babala para makagawa ng angkop na mga pag-iingat para sa kaligtasan bago mangyari ang lindol. Ginagamit ng Earthquake Warning California ang California Integrated Seismic Network, na isang samahan sa pagitan ng Cal OES, United States Geological Survey (USGS), US Berkeley, ang California Institute of Technology, at ang California Geological Survey. Gumagamit ang system ng mga sensor sa paggalaw ng lupa para matukoy ang mga lindol na nagsisimula na at matantya ang kanilang sukat, lokasyon, at epekto. Kapag ito ay makatukoy ng makabuluhang magnitude, ang sistema ay mag-iisyu ng mensahe sa ShakeAlert<sup>®</sup>, na magbibigay ng babala bago magsimula ang pagyanig. Para makatanggap ng mga babala ng lindol, pwedeng i-download ng mga indibidwal at miyembro ng pamilya ang MyShake App at siguraduhing naka-adjust ang mga setting ng telepono para makatanggap ng mga alerto ng emerhensya kasama ang:

Pwedeng mangyari ang lindol sa California anumang oras. Naninirahan ka man o bisita, kailangan mong tumugon ng mabilis para mabawasan ang mga pinsala o panganib. Sa panahon ng lindol, pwedeng ma-block ang mga ruta sa paglalakbay, ang dumadaloy na gas o tubig ay maaaring makumpromiso ang kaligtasan, at maaaring limitado ang access sa teknolohiya. Kritikal ang paghahanda.

Isinulat ng California Governor's Office of Emergency Services (Cal OES) ang sheet ng tip na ito na may kasamang mapagkukunan para sa paghahanda sa lindol.. Paki-share ang impormasyong ito at himukin ang iba pa sa iyong komunidad na makibahagi sa pagpapalano para sa emerhensya. Ang mas higit na mapagkukunan ay available sa [earthquake.ca.gov](https://earthquake.ca.gov).

● **Wireless Emergency Alerts (WEAs):** Walang bayad na mga mensahe sa text para sa mga sitwasyong emerhensya (magnitude 5.0 o mas mataas at pagyanig na Modified Mercalli Intensity IV);

● **MyShake App:** Ang libreng app sa smartphone na nagbibigay sa mga user ng iPhone at Android na may mga babala na audio at visual (magnitude 4.5 o mas mataas at mga pagyanig na Modified Mercalli Intensity III). Available sa mga store ng Apple App at Google Play; at

● **Mga Android Earthquake Alert:** Los teléfonos Android con sistema operativo actualizado son suscritos automáticamente a Android Earthquake Alerts, , la cual usa la misma tecnología que MyShake App.

## Mga Pakinabang at Paggamit

### Mga Eruplano at Mga Tren

Milyun-milyong mga tao, kapwa taga-California at mga bisita, sumasakay sa mga eruplano at mga tren upang maglalakbay bawat taon. Ang mass transit na mga sasakyang ito ay madaling tablan sa pagyanig na dulot ng lindol, lalung-lalo na kapag tumatakbo sa matulin na bilis, na maaaring maging sanhi ng aksidente sa daan-daang mga manlalakbay na nasa loob. Ang Earthquake Warning California ay makatutulong na mapigilan ang aksidente at mga pinsala / mga mamamatay. Ang mga organisasyon ng transportasyon na nagpapatakbo ng mga eruplano o mga tren ay maaaring magsasama ng mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California ayon sa mga sumusunod:

- Pagsasamahin ang mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California sa Public Announcement (PA) ng paliparan o sistema ng alarma upang mabilis na babalaan ang mga pasahero kapag ang babala ng lindol ay inisyu, mabibigyan sila ng oportunidad na lilipat sa malayo mula sa mapanganib na mga lugar at dumapa, magtago, at mag-antabay
- Pagsasamahin ang Earthquake Warning California sa sistema ng komunikasyon sa pagpatigil ng tren upang payagan ang mga pasahero sa mga lugar ng hintayan o transit na mga himpilan ang oportunidad na lilipat sa malayo mula sa mapanganib na mga lugar, at dumapa, magtago, at mag-antabay.
- Idagdag ang Earthquake Warning California sa mga pagpapatakbo ng air traffic control upang magbigay ng paunawa sa dumarating na mga eruplano na hindi lumapag sa lupa
- Ikabit ang mga sistema ng autonomous na awtomatikong pagpapatigil sa sistema ng pagkontrol sa commuter tren

### Mga Kotse, Mga Bus, at Freight

Ang Earthquake Warning California ay maaaring magbigay ng babala sa mga tsuper na pabagalin ang takbo o ihinto ang sasakyan, at lumayo sa mga lugar na mataas ang panganib (hal. mga tulay, mga overpass, mga tunnel). Ang mga sasakyang tumatakbo sa matulin na bilis ay mas madaling masangkot sa mga banggaan kasama ang ibang mga sasakyan o nakatigil na mga bagay, nagreresulta sa potensyal na mga pinsala at pagkasira ng sasakyan. Ang malalaking mga behikulo, tulad ng mga semi-truck, at mga de-pasaherong mga bus, ay mas madaling maaksidente kapag tumatakbo ng matulin ang bilis sa panahon ng lindol ng walang paunang pagbabala.

Ang mga indibidwal at mga ahensya ng transportasyon sa daanan ay maaaring makipagsama sa mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California ayon sa mga sumusunod:

- Pagsasamahin ang mga pag-andar ng smartphone sa mga dashboard, payagan ang pag-flash upang babalaan ang mga tsuper na bagalan ang pagtakbo at tumigil
- Pagsasamahin ang mga mapagkukunan ng Earth Warning California upang awtomatikong mag-isyu ng mga babala sa digital na mga road sign

# Paghandaan ang Mga Sistema ng Transportasyon at Mga Kawani

Ang mga daanan at mga tulay ay ang pangunahing alalahanin sa panahon ng lindol, at ang kanilang pagkawasak ay magkaroon ng makabuluhang resulta sa paglipat ng mga tao at kagamitan matapos ang mahabang sakuna ng kalikasan. Ang lindol na Northridge noong 1995 ay nakawasak ng higit sa 163 mga tulay at mga overpass, anim sa mga iyon ay gumuho. Ang maingat at masinsinang pagpapalano ng paghahanda sa emerhensya ay makatutulong na siguraduhin ang kaligtasan ng mga kawani at mga manlalakbay, gayundin mababawasan ang makabuluhang pinsala sa mahalagang imprastruktura. Sa ibaba ang limang tip na pwedeng tumulong sa proseso sa paghahanda:

- 1. Magsagawa ng Pagtatasa sa Kahinaan at Panganib.** Upang mabawasan ang kahinaan ng transportasyon sa pinsala ng lindol, lahat ng mga organisasyon ng transportasyon ay dapat kilalanin at bigyan ng prayoridad ang mga panukala sa pagpapagaan ng panganib at mga patakaran nang maaga pa. Tulungan ang mga kawani na unawain ang mga aksyon na gagawin ang iba't ibang mga setting, kabilang ang mga tulay, mga overpass, o sa mabigat na trapiko. Para sa publikong transit o ibang transport na sangkot ang mga pasahero, tukuyin kung anong mga aksyon ang dapat gagawin kapag ang babala ng lindol ay inisyu (hal., gumamit ng mga sintoron sa upuan kung kailangan, magtago sa ilalim ng mga upuan).
- 2. Bumuo ng Planong Pagpapagaan.** Ang mga sistema ng transportasyon ay malamang magkaroon ng plano na angkop upang mabilis na tumugon sa darating na lindol, tulad ng gawing mabagal ang pagpapatakbo at itigil ang transportasyon at ipapalam sa mga pasahero na magtago. Suriin kung aling mga pag-andar ang awtomatikong magagawa kapag ang babala ng lindol ay inisyu at kung saan ay nangangailangan ng manwal na pakikialam. Isaalang-alang ang pag-post ng mga tagubilin sa mga lugar na madaling makita ng mga pasahero, tulad ng impormasyon tungkol sa mga babala ng lindol at mga paalala kung paano ang pagdapa, pagtago, at mag-antabay.
- 3. Mag-download ng MyShake App at I-adjust ang Mga Setting ng Telepono.** Ang MyShake App, Android Earthquake Alerts, at WEAs ay maaaring magsuplemento sa umiiral na mga sistema ng babala at magbibigay sa mga kawani at mga pasahero ng transportasyon ng oras na makapagtago bago magsisimula ang pagyayanig. Dapat ipakita ng mga organisasyon sa mga empleyado kung ano ang tunog at itsura ng babala sa lindol. Tiyakin na alam ng mga empleyado kung paano paganahin ang mga mobile device upang makakuha ng mga babala sa lindol, gaya ng pagtatakda sa mga setting ng lokasyong telepono sa "palaging naka-on."
- 4. Pagsasamahin ang Mga Babala ng Lindol sa Mga Plano ng Umiiral na Emerhensya.** Mahalaga para sa mga indibidwal na intindihin ang kanilang mga gagampanan at mga responsibilidad bago, habang, at matapos ang emerhensya, isaalang-alang kung paano pagsasamahin ang mga babala ng lindol sa mga plano ng umiiral na emerhensya upang ang mga tauhan ay agarang makagawa ng mga hakbang na panatilihin ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga kargamento (maging ito ay mapanganib na mga materyales o mga pasahero) ay ligtas at sigurado.
- 5. Ikalat ang Balita.** Hikayatin ang mga operator ng transportasyon at mga tauhan na maging pamilyar sa mga protokol ng babala sa lindol nang maaga. Tukuyin kung saan maaaring i-post ang impormasyon upang tulungan na matuturuan ang mga kawani at / o ang publiko tungkol sa makukuhang mga mapagkukunan at kung ano ang gagawin sa panahon ng lindol. Karagdagang mga mapagkukunan at impormasyon ay makukuha sa [www.earthquake.ca.gov](http://www.earthquake.ca.gov).

**EARTHQUAKE  
WARNING  
CALIFORNIA**



## Para sa Higit na Impormasyon:

Pinapangasiwaan ng Cal OES ang Earthquake Warning California Nagbibigay ito sa mga indibidwal, organisasyon, at komunidad ng madaling ma-access na babala sa lindol, at impormasyon tungkol sa pagiging handa sa emerhensya, at mga mapagkukunan. Para sa mga pinakabagong balita at mapagkukunan, bisitahin ang [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov). Magpadala ng mga katanungan o mga komento sa fact sheet na ito sa [earthquakeinfo@caloes.ca.gov](mailto:earthquakeinfo@caloes.ca.gov).

Para sa impormasyon, mga katanungan, o mga komento na may kinalaman sa fact sheet na ito, esumulat sa Cal OES sa: [earthquakeinfo@caloes.ca.gov](mailto:earthquakeinfo@caloes.ca.gov).